Isang Patnubay sa mga Serbisyo ng Pulisya sa Toronto

Hello, ako ang Hepe ng Pulisya, William Blair.

Ang Toronto Police Service ay naglilingkod sa lungsod na binubuo ng pinakamaraming kultura at ang aming pamunuan ay handang tumulong sa inyo saan man bansa kayo ‘galing, o ano man’g wika ang inyong gamit.

Sa inyong araw-araw na pamumuhay, makikita ninyo ang mga pulis na nagpapatrolya.

Sila ay naglalakad, nagmamaneho, namimisekleta at laging handang tumulong sa inyo.

Kausapin ninyo sila – magpakilala kayo, ibahagi sa kanila ang inyong komunidad, at iparating ang mga bagay na may kinalaman sa kaligtasan.

Ang palabas na ito ay naglalayon na higit ninyong maintindihan ang pagpupulisya at kung ano ang aasahan sa pakikipagtungo sa mga pulis.

Ito ay magbibigay kaalaman sa inyo kung paano mararating ang pulisya kung kailangan ng tulong at magpapaliwanag ng ilan sa inyong karapatan at responsabilidad.

Ipinagmamalaki ng Toronto Police Service na ito ay salamin ng komunidad na pinaglilingkuran. Kami ay taos na naghahatid ng serbisyong pangpulisya kaanib ang iba’t-ibang komunidad upang mapanatiling maayos at ligtas ang Toronto.

Ang palabas na ito ay magbibigay sa inyo ng impormasyon tungkol sa mga serbisyo na hatid ng Toronto Police Service at kung paano kayo hihingi ng tulong sa pulisya kung kailangan ninyo.

Magbibigay din ito ng impormasyon sa mga karapatan at responsibilidad ng mga miyembro ng komunidad gayon din, ng pulis.

Dagdag pa ang impormasyon kung bakit pinatitigil ng pulis ang mga tao at kung ano ang dapat asahan kung kayo ay pahintuin ng pulis.

Pakikipag-alam sa Pulisya:

Ang numero ng telepono ng Toronto Police para sa emerhensiya ay 9-1-1.

Ang telepono para sa hindi emerhensiya ay 416-808-2222.

Ang 9-1-1 ay para sa mga emerhensiya la'ng, kabilang na ang sunog, krimen, o kaya ay pangunang lunas sa mga biktima ng sakuna.

Kung hindi emerhensiya, ang telepono ay 416-808-2222, tulad ng pagnanakaw, nawalang pasaporte at pandaraya.

Ang 9-1-1 ay emerhensiya ano ma'ng wika. Kapag tumawag kayo sa 9-1-1, ang tanong … "Emergency, do you require police, fire or ambulance?"

Kapag hindi Ingles ang inyong unang wika, ang sasagot ng tawag sa 9-1-1 ay magtatanong ng kinakailangan'g wika.

Kung hindi kayo makapagsalita 'agad o hindi maintindihan ang inyong wika, ang 9-1-1 ay magpapadala ng koponan ng emerhensiya sa pook na pinanggagalingan ng tawag.

Kung kayo ay tumatawag mula sa cell phone, ilarawan kung saan kailangan ang tulong.

Kung ang tumanggap ng tawag ay tiyak ang wika na gamit ninyo, kayo ay ililipat sa linya na nagseserbisyo sa iba't-ibang wika.

Isang tagapagpaliwanag ng inyong wika ang maglalahad sa 9-1-1 kung ano'ng uri ng emerhensiya at tulong ang kailangan na ipadala sa inyo.

Ano ang gagawin ko kung dumating ang pulis sa aking tahanan?

Ang tahanan ay isang sagradong lugar. Kinikilala ng mga hukuman sa Canada ang kabanalan ng bawat tahanan. Ang pulis ay maaaring pumasok sa inyong tahanan kung patutuluyin ninyo o kaya ay sa pagkakataon ng emerhensiya bilang tugon sa tawag sa 9-1-1…

… Maari rin pumasok kung may utos ayon sa batas tulad ng search warrant.

Kung dumating ang pulis, buksan ang pintuan at kausapin ito. Nais lamang nilang tiyakin ang kaligtasan ng mga tao.

Maraming pagkakataon na hindi alam o naiintindihan ng pulis ang iba't-ibang tradisyon ng inyong kultura.

Mahalaga na ipaalam din ang inyong mga pangangailangan sa pulis, halimbawa, ang mga lugar na laan sa pagdarasal, huwag matakot na magtanong o magpaliwanag ng mga bagay na hindi naiintindihan ng pulis. Tandaan ang pulis ay nariyan para tumulong sa inyo.

Kung hindi nakakapagsalita o nakakaintindi ng Ingles?

Ang Toronto ay binubuo ng maraming kultura kumpara sa ibang panig ng daigdig. Sa marami, ang Ingles ay ikalawang wika lamang.

Kung ikaw ay hindi nakakaintindi ng Ingles, sikapin mo na tulungan ka ng miyembro ng pamilya sa mga bagay na may kinalaman sa batas. Gayon din, ang Pulisya ng Toronto ay may listahan ng mga kawani na makakatulong sa inyo.

Huwag lumagda sa ano mang bagay na may kinalaman sa batas kung hindi mo lubos na naiintindihan ito.

Ano ang dapat gawin kung sa daan ay lapitan ako ng pulis?

Maaaring patigilin kayo ng pulis sa tatlong karaniwang pangyayari:

Kung may hinala ang pulis na kayo ay may nagawang pagkakamali.

Kung nakikita ng pulis na kayo ay lumalabag sa batas.

Kung kayo ay nagmamaneho.

Ang mga pulis ay may sinumpaang tungkulin upang maiwasan ang krimen at siyasatin ito sa pananatili ng katahimikan. Kaya ang pulis ay maaaring makipag-usap sa inyo at kung ano ang dahilan ay lingid sa inyo.

Kasama sa kanilang tungkulin ang sumusunod:

Pakikipagpanayam sa maaaring nakakita sa krimen at mga tao na ayon sa pagkakataon ay kahinahinala.

Dapat ba na sagutin ko ang mga katanungan ng pulis o magpakilala ng sarili?

Karaniwan, hindi mo naman kailangan na magpakilala sa pulis, maliban sa mga pagkakataon, kasama na ang mga sumusunod:

Kung ikaw ay nagmamaneho,

Kung ikaw ay lumabag sa batas ng lalawigan tulad ng …

may kinalaman sa alak, pagpasok sa pribadong lugar, o sa pagmamaneho.

Sa ganitong mga pagkakataon, makiisa sa pulis at sagutin sa abot- kaya ninyo ang mga katanungan.

Kung may hinala ang pulis na ikaw ay lumabag sa batas at kahinahinala ang kilos, nanaisin nila na makilala ka.

May mga dahilan kung bakit kailangan ipakilala ang sarili sa pulis:

Kung ang mga pulis ay may ibang taong hinahanap, maaaring maiwasan na ikaw ay maaresto kung nagpakilala ka na hindi ikaw ang taong iyon.

Kung ang pulis ay naghihinala na ikaw ay lumabag sa batas, at ikaw ay hindi nagpakilala, maaaring ikaw ay maaresto, dalhin at pigilin sa istasyon ng pulisya hanggang malaman nila ang iyong pagkatao.

Kung pinaghihinalaan ng pulis na ikaw ay nakagawa ng maliit na pagkakasala at nagpakilala ka at sila ay nasiyahan sa paliwanag mo, sa halip na arestuhin ka, maaaring bigyan ka na lamang ng tiket o isang paunawa na nagsasaad kung kailan ka pupunta sa hukuman.

Paglabag sa Batas ng Trapiko

Kung ikaw ay pinatitigil ng pulis, tumabi ka ng dahan-dahan sa kanang bahagi ng daan kung maaari.

Manatili sa loob ng sasakyan, maliban kung pinapatnugutan ka ng pulis.

Ihanda at ipakita ang mga sumusunod na dukomento sa pulis:

Maybisang lisensiya sa pagmaneho,

ang lisensiya ng pag-aari ng sasakyan at plaka nito.

at katibayan ng seguro.

Kung ikaw ay bigyan ng tiket, tanggapin ito ng mahinahon. Ang pagtanggap ng tiket ay hindi pag-amin ng kasalanan.

Ano ang mga karapatan ko kung ako ay inaresto?

Ang Saligang Batas ng Canada ay pinangangalagaan ang iyong mga karapatan sa pagkakataon ng pagkakaaresto at pagpipigil sa himpilan ng pulisya. Kabilang rito:

Ang karapatan na ipabatid ng maagap ang dahilan ng pagkaaresto o pagkakulong:

Ang karapatan ng walang antala na kumuha at payuhan ng manananggol. Kabilang na ang libreng abugado at paano makukuha ito. Ang mga katagang “walang pagkaantala” ay nangangahulugan na ang mga kalagayan ay maayos at tiyak ang kaligtasan ng lahat.

Kung ikaw ay mababa sa labing walong (18) taong gulang, dagdag sa iyong karapatan sa higit na madaling panahon na magsalita kasama ang magulang o isang tao na may sapat na gulang. Kailangang ipaliwang ng pulis ang mga karapatan na ito.

Kung may reklamo ako laban sa pulis?

Maaari kang magreklamo laban sa isang palakad o serbisyo ng Toronto Police Service o laban sa kilos ng isang pulis.

Ang taong napinsala ng pangyayari ang dapat lamang magharap ng reklamo.

Ang isang reklamo ay dapat na nakasulat at may lagda ng taong nagreklamo. Ito ay dapat na nasa porma ng isang liham o pamantayan na ginagamit sa himpilan ng pulisya o sa Office of the Independent Police Review Director,

OIPRD

655 Bay Street, 10th Floor

Toronto, Ontario

M5G 2K4

Toll-free phone: 1-877-411-4773

Ang mga pulyeto na nagsasaad ng mga pamamaraan sa pagrereklamo ay makukuha saan mang himpilan ng pulisya o sa website ng Toronto Police Service sa www.torontopolice.on.ca.

Ang mga reklamo ay dapat iharap sa loob ng anim na buwan (6) mula sa pangyayari.

Paano ako magiging isang pulis?

Ang Toronto Police Service ay aktibong naghahanap ng mga taong nais maging pulis upang kumatawan sa iba't-ibang komunidad ng ating lungsod.

Upang maging isang pulis, kailangan ay matugunan mo ang mga nakabalangkas sa Police Services Act.

Kabilang sa mga ito:

Dapat, ikaw ay Canadian Citizen o Permantenteng nakatira sa Canada;

Hindi bababa sa labing-walong (18) taong gulang;

Nakapagtapos ng kahit na apat na taon ng mataas na paaralan o katumbas nito;

May magandang pagkatao at pag-uugali;

Walang hatol na may kinalaman sa krimen na hindi pinahintulutan ang kapatawaran;

May malusog na katawan at pag-iisip at magagampanan ang mga tungkulin sa puwesto.

Kailangan mayroon ka rin:

20/40 na paningin at hindi iniwasto at may karaniwang linaw sa mga kulay;

May bisang ‘Class G’ ang lisensiya sa pagmamaneho at mababa sa anim na puntos ang kabawasan sa batas sa trapiko;

Kaalaman sa pagbibigay ng pangunang lunas at CPR level C.

Sa karagdagang impormasyon, makipag-alam sa 416-808-JOIN.

Umaasa kami na ang kaalaman sa palabas na ito ay nakatulong sa inyo na higit maintindihan ang Toronto Police Service.

Magtabi ng kopya ng pulyeto ng “A Guide to Police Services in Toronto” bilang paalala sa pakikipag-ugnay sa pulisya -- may emerhensiya, o wala man, at kung ano ang dapat gawin kung kayo ay pinatigil ng pulis.

Tandaan lamang na ang pulisya ay naririto at handang tumulong ano man’g wika ang inyong gamit. Sa isang emerhensiya makakahingi kayo ng tulong sa pagtawag sa 9-1-1.